Social Security

# Pag-unawa Sa Mga Benepisyo

2008

www.socialsecurity.gov

## Pag-kontak sa Social Security

### Bisitahin ang aming website

Ang aming website, ***www.socialsecurity.gov***, ay napaka-mahalagang mapag-kukunan ng kaalaman tungkol sa lahat ng mga palatuntunan ng Social Security. Sa aming website, maaari ka ring:

- Mag-hain (apply) para sa mga benepisiyo;
- Makuha ang address ng lokal na tanggapan ng iyong Social Security;
- Maki-usap para makakuha ng mahahalagang katibayan, tulad ng *Pahayag ng Social Security* (*Social Security Statement*), kapalit na tarheta ng Medicare; at
- Maka-hanap ng mga kopya ng aming mga publikasyon.

Ang ilan sa mga paglilingkod na ito ay sa wikang English lang. Upang matagpuan ang lahat ng mga publikasyon na magagamit mo sa wikang (Tagalog), maari lang na paki bisita ang aming Napakaraming wika (Multilanguage) sa pahina ng ***www.socialsecurity.gov/multilanguage***.

### Tumawag sa numero naming 1-800

Dagdag pa sa paggamit ng aming website, maaari ka ring makatawag ng libre sa **1-800-772-1213**. Masasagot namin ang mga detalyadong katanungan magmula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Makapag-bibigay kami ng impormasyon sa pamamagitan ng aming automated na serbisyo ng telepono 24 oras araw-araw. Kung ikaw ay bingi o may kahirapan sa pandinig, maaari mong tawagan ang aming TTY na numero sa, **1-800-325-0778**.

Kung kailangan mo ng interpreter sa pag-aasikaso ng iyong business sa Social Security, may nakalaan kaming serbisyo dito ng libre. Ang mga serbisyo ng interpreter ay makukuha kapag kina-usap mo kami sa telepono o sa tanggapan ng Social Security. Tumawag ng libre sa aming numero **1-800-772-1213**, kung ang wika mo ay Tagalog, pindutin ang 1 at maghintay hanggang sumagot ang isang kinatawan. Ang Tagalog interpreter ay tatawagin para matulungan ka sa iyong tawag. Kung hindi matapos ang business mo sa telepono, ikukuha ka namin ng appointment para sa lokal na tanggapan ng Social Security at aayusin namin na may Tagalog interpreter doon sa oras ng iyong pag-bisita.

Itinuturing naming lihim ang lahat ng mga tawag. Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

## Ano ang nasa loob

Social Security: ang simpleng kuro-kuro . . . . . . . . . . . 4

Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa Social Security habang ikaw ay nagta-trabaho . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 7

Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa mga benepisiyo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 10

Mga benepisiyo para sa pamilya mo . . . . . . . . . . . . . . 16

Kapag nakahanda ka ng mag-hain (apply) para sa mga benepisiyo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 19

Karagdagang kitang Pangseguridad (Programa ng Supplemental Security Income, SSI) . . . . . . . . . . 21

Ang karapatang mag-apela . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 21

Medicare . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 22

Mga ilang katotohanan tungkol sa Social Security . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 26

## Social Security: ang simpleng kuro-kuro

Naaabot ng Social Security ng muntik-muntikan ang lahat ng bawat pamilya, at sa darating pang mga araw mapangha-hawakan na nito ang mga buhay ng halos lahat ng mga Amerikano.

Tumutulong ang Social Security hindi lamang sa mga matatandang Amerikano, kundi pati na rin sa mga manggagawang magkakaroon ng kapansanan, at ang mga may pamilya na namatayan ng asawa o magulang. Ngayon, mahigit pa sa 163 milyong tao ang nagta-trabaho at nagba-bayad ng mga buwis sa Social Security at higit pa sa 50 milyong tao ang tumatanggap ng mga buwanang benepisyo sa Social Security.

Karamihan sa mga nakikinabang sa amin ay mga taong retirado na at ang kani-kanilang mga pamilya—mahigit kumulang sila ay 34 milyong katao.

Ngunit kailanman, hindi binalak ng Social Security na sila ang maging katangi-tanging pagmumulan ng kita ng mga tao kapag sila ay nag-retiro na. Ang Social Security ay humahalili sa mga 40 porsiyentong kita ng pang-karaniwang taong kumikita pagkatapos niyang mag-retiro, at ayon sa karamihan ng mga pananalaping tagapayo, ka-kailanganin ng mga taong retirado na ang mga humigit kumulang 70–80 porsiyento ng kanilang sa-sahurin sa trabaho upang mamuhay ng maginhawa pagkatapos nilang mag-retiro. Para magkaroon ng maginhawang pagre-retiro, kinakailangang mayroong mas higit pa ang mga Amerikano maliban sa Social Security lang. Kailangan din nila ng mga pansariling sustento (private pensions), mga perang inipon (savings) at mga pinuhunan (investments).

Ninanais ng Social Security Administration (Pangasiwaan ng Social Security) na maintindihan mo kung ano ang magagawa ng Social Security para sa iyo at sa pamilya mo sa inyong pananalaping kinabukasan. Ang publikasyong ito, *Pag-unawa Sa Mga Benepisyo* ay ipinapaliwanag ang mga panimulaing panuntunan ng mga programa ng Social Security sa pagre-retiro, sa may kapansanan at sa mga nabalo at na-ulila.

Ang kasalukuyang paraan ng Social Security ay ganito: nagbabayad ka ng mga buwis sa Social Security kapag nagta-

trabaho ka. Ginagamit ang perang ito ng buwis para sa pagbabayad ng mga benepisiyo sa:

- Mga tao na nag-retiro na;
- Mga tao na may kapansanan;
- Mga nabalo at mga na-ulila ng mga manggagawang namatay; at
- Mga sustentado ng mga nakikinabang.

Ang perang ibinayad mo sa mga buwis ay hindi inilalagay sa pansarilinang kuwenta para magamit mo kapag kukuhain mo na ang iyong mga benepisiyo. Ginagamit na ang mga buwis mo upang mabayaran ang mga tao na kasalukuyang kumukuha ng mga benepisiyo sa ngayon. Lahat ng perang hindi nagamit ay mapupunta sa pinapanaligang nakalaang gugugulin (trust fund) hindi sa pansarilinang kwenta na nasa pangalan mo.

## Higit pa sa pagreretiro ang Social Security

Napakaraming tao ang nag-iisip na ang Social Security ay palatuntunan lang ng pagre-retiro. Bagama't totoo na karamihan sa mga taong naka-katanggap na ng Social Security ay tumatanggap na rin ng mga benepisiyo sa pagre-retiro, marami-rami ang naka-kakuha ng Social Security sapagkat sila ay:

- May kapansanan; o
- Asawa o anak ng taong tumatanggap ng Social Security; o
- Asawa o anak ng mangga-gawang binawian na ng buhay; o
- Sustentadong magulang ng mangga-gawang binawian na ng buhay.

Nababatay na rin sa mga kalagayan mo, baka maaaring maging may karapatan ka para sa Social Security sa ano mang edad. Sa totoo lang, mas marami ang naiba-bayad na mga benepisiyo sa mga kabataan ng Social Security kaysa sa alinmang iba pang palatuntunan ng pamahalaan. Sa pangka-salukuyan kung tutuusin, mahigit pa sa 48 milyong katao, na halos isa sa bawat anim na Amerikano, ang kumukuha ng alinmang uri ng benepisiyo sa Social Security.

## Ang mga buwis mo sa Social Security

Ang mga buwis na ibinabayad mo at ng iba pang mga mangga-gawa sa pamamaraan ng Social Security ay nagagamit para bayaran ang mga benepisiyo sa Social Security.

Nababayaran mo ang mga buwis sa Social Security sa mga kinikita mo hanggang sa katiyakang halaga. Bawat taon ang halagang ito ay tumataas upang maipagpatuloy ang hakbang na makapantay ng mga sinasahod. Sa 2008, ito ay nagkakahalaga $102,000.

## Ang mga buwis sa Medicare

Sa lahat ng mga gawain mo o sa mga netong kinikita magmula sa pang-sariling panga-ngalakal (self-employment) ay nagba-bayad ka ng mga buwis sa Medicare. Ang mga buwis na ito ay ginagamit para sa kasakluban ng Medicare.

| Kung nagta-trabaho ka para sa ibang tao | Buwis sa Social Security | Buwis sa Medicare |
|---|---|---|
| Ikaw ay nagbabayad ng | 6.2% | 1.45% |
| Ang iyong pinaglilingkuran ay nagbabayad ng | 6.2% | 1.45% |
| **Kung ikaw ay self-employed (nasa sariling panga-ngalakal)** | | |
| Ikaw ay nagbabayad ng | 12.4% | 2.9% |

## Saan napunpunta ang mga buwis ng dolyar sa Social Security

Kung kailan, kapag ikaw ay nagtrabaho na, 0.85 sentimo ng bawat buwis sa dolyar sa Social Security na binabayaran mo ay mapu-punta sa laang gugugulin (trust fund) na nagba-bayad ng mga buwanang benepisiyo sa mga kasalukuyang nag-retiro ng tao at sa kani-kanilang mga pamilya at sa mga nabalo at sa mga naulilang anak ng mga mangga-gawang binawian na ng buhay. Ang natitirang 0.15 sentimo ay inilalagay naman sa laang gugugulin na nagbabayad ng mga benepisiyo sa mga taong may kapansanan at sa kanilang mga pamilya.

Mula sa mga laang gugugulin ito, binabayaran din ng Social Security ang mga gastusing pamama- lakad sa mga palatuntunan ng Social Security. Ang Pangasiwaan ng Social Security ay isa sa mga pinaka may kakayahang sangay ng pamahalaang federal, at araw-araw, sinisikap naming gawin ito ng mahusay. Magmula

sa bawat dolyar na buwis sa Social Security na ibinabayad mo, naka-kagastos lang kami ng wala pa sa isang sentimo upang pangasiwaan ang palatuntunan.

Ang kabuuang halaga ng mga buwis na binabayaran mo para sa Medicare ay inilalagay sa isang inilalaang gugugulin na nagbabayad sa ilan sa mga gastos ng ospital at kaugnay na pangangalaga ng lahat ng mga benepisyaryo ng Medicare. Ang Medicare ay pinamamahalaan ng Centers for Medicare and Medicaid Services (Mga Sentro ng mga Serbisyo para sa Medicare at Medicaid), at hindi ng Social Security.

## Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa Social Security habang ikaw ay nagta-trabaho

### Ang numero mo ng Social Security




Ang iyong kaugnayan sa Social Security ay ang numero ng Social Security mo. Ka-kailanganin mo ito upang makakuha ka ng trabaho at ng makapag-bayad ka ng mga buwis. Ginagamit namin ang numero ng Social Security mo para masubaybayan ang iyong mga kinikita habang ikaw ay nagta-trabaho pa at upang masubaybayan ang iyong mga benepisiyo pagkatapos mong maka-kuha ng Social Security.

Huwag mong dadala-dalahin ang tarheta mo ng Social Security maliban kung kailangan mo itong ipakita sa iyong pinaglilingkuran. Mag-ingat ka sa pagbibigay ng numero mo ng Social Security sa ibang tao. Ang pagnanakaw ng pagka-kakilanlan ay isa sa pinakamabilis na dumaraming krimen sa ngayon. Madalas halos na ginagamit ng mga magnanakaw ng pagkakakilanlan ang numero mo ng Social Security at ang iyong mahusay na talaan upang makapag-apply para sa karagdagang pangu-ngutang na gamit ang iyong pangalan. Pagkatapos nito ay gagamitin nila ang mga credit card upang bumili ng mga bagay para sa kanilang sarili, na hindi naman nila binabayaran ang mga singil.

Ang numero mo ng Social Security at ang aming mga talaan ay lihim. Kung may ibang taong humihiling sa amin ng

kaalamang mayroon kami tungkol sa iyo, hindi namin basta maibi-bigay ang ano mang talaang ito kung wala kang nakasulat na pahintulot, maliban na lang kung may pag-aatas o may kapahintulutan ang batas.

Makipag-bigay alam sa amin kung kailangan mo ng numero ng Social Security, kung naiwala mo ang iyong tarheta at kung manganga-ilangan ka ng kapalit, o kapag pinalitan mo ang iyong pangalan sa pang-kasalukuyang tarhera mo. Hihilingin naming buuin mo ang simpleng isang pahinang form at pihadong mahihilingan ka rin namin na makita ang ilang may katiyakan mong katunayan. Ka-kailanganin naming makita ang mga orihinal o mga may patibay na kopya. Hindi kami maaring tumanggap ng mga photocopies o ang mga ipina-notaryong kopya ng mga katunayan.

Upang maka-kuha ng numero ng Social Security o kapalit na tarheta, ka-kailanganin mong patunayan na ikaw ay mamamayan ng U.S. o ang pang-darayuhan mong katayuan. Para naman sa kapalit na tarheta, ang katunayan ng iyong pagka-mamamayan ng U.S. at ng iyong edad ay hindi na kailangan pa kung ang mga ito ay nakatala na sa aming talaan. Mga ilang may katiyakang katibayan lang ang tatanggapin namin sa pagpa-patunay ng iyong pagka-mamamayan ng U.S. Kabilang na dito ang iyong katibayan ng kapanganakan sa U.S., ang pasaporte ng U.S., ang katibayan ng pagka Naturalisado, o katibayan ng pagka-mamamayan. Kung ikaw ay hindi mamamayan ng U.S., naiibang nauukol na mga alituntunin para mapatunayan ang iyong pang-darayuhang katayuan. Ang mga tinatanggap na katibayan ng mga pagkaka-kilanlan ay sinasakop ang pang-kasalukuyan mong katibayan na ipinakikita ang iyong pangalan, kaalaman ng iyong pagka-kakilanlan at, mas magugustuhan namin kung may larawan ka na kaku-kuha mo pa lang kasalukuyan, gaya ng lisensiya mo ng pagma-maneho o ang ipinagkaloob sa iyo ng state na hindi maaaring gamitin sa pagma-manehong tarheta ng pagka-kakilanlan. Sa pag-hahain para palitan ang pangalan mo sa tarheta ng Social Security, kailangan mong mag-pakita ng katibayan na kama-kailan lang ipinag-kaloob sa iyo na may

pang-batasang kautusang pinapatunayang ipinababago ang iyong pangalan.

Paka-tiyaking ligtas ang tarheta mo ng Social Security. Hanggang sa tatlo lang ang hangganan ng mga kapalit na tarheta sa loob ng isang taon at sampu 10 sa buong buhay mo. Ang mga pang-batasang pagpa-palit ng pangalan at ang mga iba pang taliwas na kaukulan ay hindi ibinibilang patungo sa mga hangganan. Halimbawa, ang pagpa-palit ng hindi pang-darayuhang katayuan ay kinakailangang ang mga pagbabago ay maaaring hindi maibilang sa hangganang ito. At saka, maari ring hindi ka ma-apektuhan ng mga hangganang ito kung mapapatunayan mo sa amin na nanga-ngailangan ka ng tarheta para mahadlangan ang tiyak na may kahulugang paghihirap.

Para sa karagdagan pang kaalaman, makipag-bigay alam sa amin, tanungin at humingi ng *Ang Iyong Numero At Tarheta Ng Social Security*, (Publikasyon Blg. 05-10002-TL). Kung ikaw naman ay hindi mamamayan, maari ka ring magtanong ng para sa *Mga Numero Ng Social Security Para Sa Mga Hindi Mamamayan* (Publikasyon Blg. 05-10096-TL).

Ang lahat lahat ng aming mga pagli-lingkod ay walang bayad. Kailan man, ang Social Security ay hindi nagpa-pabayad sa mga pagli-lingkod na aming ipinagka-kaloob.

## Papaano kang nagkaroon ng karapatan para sa Social Security

Habang nagta-trabaho ka at nagbabayad ng mga buwis, kumikita ka ng mga “credits” sa Social Security. Nitong 2008, ki-kitain mo ang isang credit para sa bawat kinita mong $1050 hanggang sa maabot mo ang pinaka-mataas na apat na credit bawat taon. (Ang halaga ng kikitain mo upang kumita ng isang credit ay tumataas taon- taon.)

Nanganga-ilangan ang karamihan na mga tao ng 40 credit (10 taong ipinag-trabaho) upang maging may karapat-dapat para sa mga benepisiyo. Mas ka-kaunti ang kinakailangang credit ng mga nakaba-bata upang maging may karapatan sa benepisiyo para sa mga may kapansanan o sa benepisiyo ng kani-

kanilang mga kamag-anakan para sa mga nabalo at na-ulila ng manggagawang maagang binawian ng buhay.

## Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa mga benepisiyo

Ang mga benepisiyo sa Social Security ay porsiyentuhang pinapalitan ang mga kinikita mo kapag nagretiro ka na, nagkaroon ka ng kapansanan o bawian ka na ng hiram mong buhay. Nagpa-padala kami ng *Pahayag ng Social Security* bawat taon na nagpa-pakita ng lahat ng kasaysayan ng mga kinita mo at ng tinantiyang mga benepisiyo para sa pagreretiro, sa may kapansanan at sa nabalo at na-ulila na maaaring matanggap mo at ng iyong ka-anak batay na rin sa mga kinitang ito.

Kapag napasa-kamay mo na ang *Pahayag*, maaari lang na masinsinang mong siyasatin ang kasaysayan ng mga kinita mo. Paka-tiyakin lang na ang lahat ng mga kinitang ito ay wastong wasto. Ipagbigay alam kaagad ang anumang mga pagkakamaling mapapansin mo. Ito ay mahalaga dahil ang mga benepisiyo mo ay ibina-batay sa pang-habang buhay mong kinita. Maka-katulong din ang *Pahayag* mo sa babalakin mong pang-hinaharap pananalapi.

### Mga benepisiyo sa pagreretiro

Ang pagpili kung kailan ka magre-retiro ay isa sa pinaka-mahalagang pagpa-pasiya na iyong gagawin sa buong buhay mo. Kung pipiliin mong magretiro kapag umabot ka na sa buong edad ng pagre-retiro, matatanggap mo ang mga kabuuang benepisiyo mo sa pagre-retiro. Ngunit kung ikaw ay magre-retiro bago ka umabot sa buong edad ng pagre-retiro, maka-tatanggap ka lang ng binawasang benepisiyo habang buhay mo.

### Buong edad ng pagreretiro

Kung ipinanganak ka bago ang taon ng 1938, ikaw ay may karapatan para sa kabuuan ng benepisiyo mo sa Social Security sa ika-65 mong kaarawan. Noong taong 2003, ang edad para mabayaran ng mga buong benepisiyo ay nagsimulang tumaas ng unti-unti. Sa tulong ng sumusunod na nakatalang kaalaman,

mapapatnubayan ka nito sa pagpa-pasiya ng buong edad ng pagre-retiro mo:

| *Taon ng kapanganakan* | *Buong edad ng pagreretiro* |
|---|---|
| 1937 o mas maaga pa rito | 65 |
| 1938 | 65 at 2 buwan |
| 1939 | 65 at 4 na buwan |
| 1940 | 65 at 6 na buwan |
| 1941 | 65 at 8 buwan |
| 1942 | 65 at 10 buwan |
| 1943-1954 | 66 |
| 1955 | 66 at 2 buwan |
| 1956 | 66 at 4 na buwan |
| 1957 | 66 at 6 na buwan |
| 1958 | 66 at 8 buwan |
| 1959 | 66 at 10 buwan |
| 1960 o mas huli pa rito | 67 |

***PAUNAWA:*** *Bagaman at tumataas ang buong edad ng pagreretiro, dapat ka pa ring mag-hain (applya) para sa mga benepisiyo ng Medicare sa loob ng tatlong buwan bago ang ika-65 na kaarawan mo. Kung patatagalin mo ang paghi-hintay, maaaring mas malaki ang gastusin mo para sa iyong pang-medikal na kaseguruhan ng Medicare (Part B) at may resetang gamot na sinasakloban ng Medicare (Part D).*




## Ipinagpaliban na pagreretiro

Kung pinili mong ipagpaliban ang pagtanggap ng mga benepisiyo na linampasan pa ang buong edad ng iyong pagre-retiro, ang benepisiyo mo ay tataas ng may katiyakang porsiyento, saka batay na rin ito sa taon ng iyong kapanganakan. Ang itinaas

ay maida-dagdag ng kusa sa simulang maabot mo ang buong edad ng pagre-retiro hanggang sa magsimula kang tumanggap ng mga benepisiyo o abutin mo na ang edad na 70, kung ano man dito ang mauna. Halimbawa na kung ikaw ay ipinanganak noong taon ng 1940, ang benepisiyo mo ay tataas ng pitong porsiyento taon taon, sa pagitan ng iyong buong edad ng pagre-retiro at sa edad na 70, kung ito ay wala ka pang natatanggap na benepisiyo sa pagre-retiro.

## Maagang pagreretiro

Maaari ka ng tumanggap ng mga benepisiyo sa pinaka-batang edad na 62. Subali't kung sisimulan mo ito ng napaka-aga pa, maaring ang benepisiyo mo ay **permanente** ng may kabawasan. Ang benepisiyo mo ay binabawasan ng mahigit kumulang kalahati ng isang porsiyento para sa bawat buwan na sinimulan mo ang iyong Social Security bago ka umabot sa iyong buong edad ng pagreretiro. Halimbawa, kung ang iyong buong edad ng pagreretiro ay 66 at nakapag-patala ka sa Social Security noong ikaw ay 62, makakakuha ka lang ng 75 porsiyento ng iyong buong benepisiyo.

***PAUNAWA:*** *Mas malaki pa ang maiba-bawas sa mga darating pang taon habang tumataas ang buong edad ng pagreretiro.*

## Kung nagta-trabaho ka at kumukuha ka ng mga benepisiyo

Maaari mo pang maipagtuloy ang pagta-trabaho at maka-katanggap ka pa rin ng mga benepisiyo sa pagreretiro. Ang mga kinita mo sa (o matapos) ang buwan na naabot mo na ang edad ng buong gulang na pagre-retiro ay hindi maka-kabawas sa benepisiyo mo dito sa Social Security. Subalit, ang mga benepisoyo mo ay mababawasan kung ang iyong mga kinikita ay hihigit sa mga katiyakang hangganan para sa mga buwang bago ka umabot sa buong edad ng pagre-retiro mo.

Kung nagta-trabaho ka ngunit nakapag-simula ka ng makatanggap ng mga benepisiyo bago ang buong edad ng iyong pagre-retiro, $1 ang ibabawas sa mga benepisiyo para sa bawat

$2 na kikitain mo na lumampas ng taunang hangganan. Nitong 2008, ang hangganan ay $13,560.

Sa taon na umabot ka sa buong edad ng pagreretiro mo, ang iyong mga benepisiyo ay babawasan ng $1 para sa bawat $3 na kikitain mo na lumampas sa naiibang taunang hangganang ($36,120 sa taong 2008) hanggang sa buwan na maabot mo ang buong edad ng pagreretiro.

Kapag umabot ka na sa buong edad ng pagreretiro, maaari ka ng magpatuloy na mag-trabaho at ang mga benepisiyo sa Social Security ay hindi na babawasan, gaano man kalaki ang iyong kikitain.

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa kung paano naaapektuhan ng trabaho ang mga benepisiyo mo, tawagan kami at humiling ng kopya ng *Papaano Naa-apektuhan Ng Trabaho Ang Mga Benepisiyo* (Publikasyon Blg. 05-10069-TL).

***PAUNAWA:*** *Ang mga taong nagta-trabaho at nakata-tanggap na ng kabayaran para sa may kapansanan o Karagdagang Kitang Pangseguridad (Social Security Income) ay ka-kaiba ang mga alituntunin sa mga kinikita. Dapat nilang iulat ang lahat ng kanilang mga kinita sa Social Security magkano man ang kanilang ki-kitain.*

## Mga benepisiyo sa pagreretiro para sa mga nabalo

Kung ikaw ay tumatanggap na ng mga benepisiyo para sa nabalo, maaari mo itong maipagpalit sa sarili mong benepisiyo sa pagreretiro sa pinaka-maagang edad na 62, kung sa inaakala mong ang iyong benepisiyo sa pagreretiro ay mas higit pa sa halagang tinatanggap mo sa mga kinita ng namatay mong asawa. Sa karamihan ng kaso, maaari kang magsimulang makatanggap ng isang benepisiyo sa binawasang halaga at pagkatapos nito ay maaari ka namang mapalipat sa ibang benepisiyo na kung saan makata-tanggap ka ng kabuuang kabayaran kapag umabot ka na sa buong edad ng pagreretiro. Ang mga alituntunin ay napakagulo at magka-kaiba depende na rin kung ano ang iyong kalagayan, kaya't kausapin mo ang kinatawan ng Social Security tungkol sa mga karapatang magagamit mo. Para sa karagdagang

kaalaman tungkol sa benepisiyo sa pagreretiro, humingi ng kopya ng *Mga Benepisiyo sa Pagreretiro*, Publikasyon Blg. 05-10035-TL).

## Mga benepisiyo para sa may kapansanan

Kung hindi ka makapagta-trabaho dahil sa kadahilanang pang-katawan o pangka-isipang kalagayan na inaasahang mananatali ng humigit kumulang isang taon man lang o magiging kadahilanan ito ng kamatayan, maaaring ikaw ay karapat-dapat para sa mga benepisiyo ng Social Security Para sa may kapansanan.

Ang aming mga alituntunin tungkol sa kapansanan ay naiiba sa mga alituntunin ng mga binalak na pansarili o mga sangay ng pamahalaan. Oo nga at may katunayang ikaw ay may karapatan para sa may kapansanan na nagmumula sa ibang tanggapan o palatuntunan, subalit ito ay hindi nanga-ngahulugang ikaw ay magka-karoon ng karapatan sa mga benepisiyo para sa may kapansanan mula sa amin. At ang pagkakaroon ng pahayag mula sa mangga-gamot mo na ipinahi-hiwatig na ikaw ay may kapansanan ay hindi nanga-ngahulugang kusa kang magiging may karapatan para sa mga benepisiyo ng Social Security para sa may kapansanan. Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa benepisiyo sa pagreretiro, humingi ng kopya ng *Mga Benepisiyo Para sa May Kapansanan*, Publikasyon Blg. 05-10029-TL). Maaari ka rin mag-hain online para sa mga benepisiyo para sa may kapansanan ng ***www.socialsecurity.gov/applyfordisability***. Ang pahayag na ito ay makukuha lang sa English.

Ang mga tao na may kapansanan, kabilang na dito ang mga kabataan, na maliit ang kita at ka-kaunti ang mga pag-aaring yaman ay maaari ring karapat-dapat sa mga pagbabayad para sa may kapansanan sa pamamagitan ng palatuntunan ng Supplemental Security Income (SSI). Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa SSI, humingi ng kopya ng *Karagdagang Kitang Pangseguridad (SSI)*, (Publikasyon Blg. 05-11000-TL).

Kung ikaw ay nagkaroon ng kapansanan, dapat kang mag-file sa lalong madaling panahon sa mga benepisiyo para sa may kapansanan, dahil karaniwang inaabot ng ilang buwan ang pag-lalakad ng pahayag(claim) para sa may kapansanan. Maaari naming lakarin ang iyong pahayag(claim) ng mas mabilis kung nagdala ka ng mga sumusunod kapag ikaw ay nag-hain(apply):

- Mga pang-gamutang talaan mula sa iyong mga manggagamot, therapist, ospital, klinika at nagta-trabaho ng kaso mo (caseworker)
- Ang mga resulta mo mula sa laboratoryo at ibang mga pagsusuri;
- Ang mga pangalan, address at numero ng telepono at fax ng iyong mga manggagamot
- Ang mga pangalan ng lahat ng mga gamot na iniinom mo; at
- Ang mga pangalan ng mga pinaglilingkuran mo at mga katungkulan mo sa trabaho nitong mga nakaraang 15 taon.

## Ang benepisiyo mo ay baka maaring may buwis

Mangilan-ilang mga tao na tumatanggap na ng Social Security ang ka-kailanganing magbayad ng mga buwis sa kanilang mga benepisiyo. Kulang-kulang na maisa-ikatlo ng aming mga kasalukuyang may katiyakang nakikinabang ay nagbabayad na ng mga buwis sa kani-kanilang mga benepisyo.

Nararapat kang magbayad ng mga buwis sa mga benepisiyo mo kapag ikaw ay nag-hain (file) ng balik buwis ng federal (federal tax return) bilang "nagsasarili" at ang iyong kabuuang kinita ay mahigit pa sa $25,000. Kung nag-hain ka naman ng magkasamng balik buwis (joint return), dapat kang magbayad ng mga buwis kung ikaw at ang asawa mo ay may kabuuang kinita na mahigit pa sa $32,000. Para sa karagdagang kaalaman, tawagan ang libreng numero ng Kitang Pangloob na Pagli-lingkod (Internal Revenue Service) sa, **1-800-829-3676**.

## Mga benepisiyo para sa pamilya mo

Kapag nagsimula ka ng tumanggap ng mga benepisiyo ng Social Security sa pagreretiro o para sa may kapansanan, maaaring may karapatan din ang ibang mga kamag-anakan mo para sa mga kabayaran. Halimbawa, ang mga benepisiyo ay maaaring maibayad sa asawa mo:

- Kung siya ay nasa edad na 62 taong gulang o mas matanda pa rito; o
- Sa ano mang edad kung nag-aalaga siya ng mga anak mo (ang anak na ito ay nararapat mas bata pa sa edad na 16 o may kapansanan at tuma-tanggap na ng mga benepisiyo ng Social Security sa talaan mo).
- Ang mga benepisiyo ay maaari ring maibayad sa mga walang asawang anak kung sila ay:
- Mas bata sa edad na 18 taong gulang;
- Sa pagitan ng edad na 18 at edad na 19 taong gulang, ngunit nasa mababa (elementary) o sa mataas na paralan (high school) bilang mga lubosang oras na mag-aaral; o
- 18 taong gulang o mas may edad pa at mayroong malubhang kapansanan (ang kapansanang ito ay dapat nag-umpisa bago ng edad na 22 taong gulang).

Kung ikaw ay naging magulang ng bata (kabilang na dito ang batang iyong inampon) pagkatapos kang mag-simulang tumanggap ng mga benepisiyo, sabihin mo sa amin ang tungkol sa bata upang makapagpasiya kami kung ang bata ay may karapatan tumanggap ng benepisyo sa iyong talaan.

## Magkano ang makukuha ng mga kamag-anakan?

Ang bawat kamag-anakan ay maaaring maging karapat dapat para sa buwanang benepisiyo na hanggang nagka-kahalaga lang ng kalahati ng benepisiyo mo sa pagre-retiro o may kapansanan. Ganoon pa man, may hangganan sa kabuuang halaga ng pera na maaaring maibayad sa buong kamag-anakan. Nag-iiba iba ang hangganan, ngunit ito ay karaniwang katumbas ng mga 150 hanggang 180 porsiyento ng benepisiyo mo sa pagreretiro.

## Kung Hiwalay (divorced) ka

Kung ikaw ay hiwalay na, ang dati mong asawa ay maaaring may karapatan sa mga benepisiyo mo sa iyong kinita. Sa ilang mga kaganapan, maaari siyang makakuha ng mga benepisiyo kahit na hindi mo pa ito natatanggap. Upang maging karapat-dapat, ang naka-hiwalay na asawa ay dapat:

- Kasal sa iyo ng mahigit 10 taong man lang;
- Ganap na hiwalay (divorce) na ng mahigit lang na dalawang taon;
- 62 taong gulang man lamang;
- Hindi pa ulit nag-aasawa; at
- Walang karapatan para sa katumbas o mas mataas na benepisiyo batay na rin sa kanyang sariling gawain o ipinag-trabaho ng iba.

## Mga benepisiyo para sa nabalo at naulila

Kapag binawian ka na ng hiram mong buhay, maaaring may karapatan ang kamag-anakan mo para sa mga benepisiyo batay na rin sa iyong gawain.

Kabilang sa mga kamag-anakan mo na makakakuha ng mga benepisiyo ang nabalo na:

- 60 o mas may edad pa rito; o
- 50 o mas may edad na subalit may kapansanan; o
- Ano mang edad kung nag-aalaga siya ng anak mong mas bata pa sa edad na 16 o mayroong kapansanan at tumatanggap na ng mga benepisiyo ng Social Security sa ilalim ng iyong talaan.

Ang mga anak mo ay maka-katanggap din ng mga benepisiyo kung sila ay wala pang asawa at:

- Mas bata sa edad na 18 taong gulang; o
- Nasa pagitan siya ng edad na18 at edad na 19 taong gulang, ngunit nasa mababa (elementary) o mataas (high school) na paaralan bilang may kabuuang-oras na magaaral; o
- 18 taong gulang o mas may edad pa rito na may napaka-malubhang kapansanan (ang kapansanan ay dapat nag-umpisa bago siya nagka-edad ng 22 taong gulang).

Dagdag pa dito, ang mga magulang mo ay maka-katanggap din ng mga benepisiyo sa iyong mga kinita kung sila ay umasa sa iyo para sa mahigit na kalahati lang ng kanilang ikina-taguyod.

## Kabayaran pagkaraan ng pagpanaw

Kung mayroon kang sapat na mga credit, maibi-bigay din ang isang beses na kabayarang nagka-kahalaga ng $255 pagkaraan nga pag-panaw mo. Ang benepisiyong ito ay maaaring maibayad sa asawa mo o sa mga anak mo na wala pa sa tamang edad kung nakatupad sila sa mga ilang panga-ngailangan.

## Kung ikaw ay nahiwalay na (divorced)

Kung may kaganapan na ang paghi-hiwalay ninyo, ang dati mong asawa ay maaaring karapat dapat tumanggap ng mga benepisiyo sa iyong talaan kapag ikaw ay pumanaw na. Siya ay dapat:

- 60 taong gulang (o 50 kung may kapansanan) at kasal kayo ng 10 taon man lang; o
- Ano mang edad kung inaalagaan niya ang kanyang anak na may karapatan para sa mga benepisiyo batay na rin sa gawain mo; at
- Walang karapatan para matumbasan o mas mataasan ang benepisiyo batay na rin sa kanyang sariling gawain; at
- Kasalukuyang wala pang asawa, maliban kung siya ay nag-asawa ulit pagkatapos ng edad na 60 taong gulang o makaraan ang edad na 50 taong gulang kung siya ay may kapansanan.

***PAUNAWA:*** *Kung nag-asawa muli ang dati mong asawa makaraan ng edad na 60 taong gulang, maaaring karapat-dapat siya para sa mga benepisiyo ng Social Security batay na rin sa trabaho mo at sa trabaho niya at ng kanyang bagong asawa, alinman dito ang mas mataas.*

## Magkano naman kaya ang makukuha ng mga naiwanan mo ?

Ang mga naiwan mo ay makata-tanggap ng porsiyento ng iyong pinag-batayang benepisiyo sa Social Security—karaniwang naglalaro ito sa 75 hanggang sa 100 porsiyento bawat isa.

Ganoon pa man, mayroong buwanang hangganan ang halagang pera na maibabayad sa bawat kamag-anakan. Pabago-bago ang hangganan, ngunit ito ay pang-kalahatang itinutumbas sa 150 hanggang sa 180 na kabayarang porsiyento ng benepisiyo mo.

## Kapag nakahanda ka ng mag-hain (apply) para sa mga benepisiyo

Makipag-bigay alam sa amin kapag handa ka ng mag-hain para sa mga benepisiyo. Kung pinag-iisipan mo pa lang na mag-hain para sa mga benepisiyo sa pagreretiro, iminu-mungkahi naming makipag-usap ka sa kinatawan ng Social Security mga ilang buwan pa bago ng taon na kung saan binabalak mong magretiro sa ***www.socialsecurity.gov/retire2***. Upang makapag-hain sa mga benepisiyo para sa may kapansanan o para naman sa mga nabalo o na-ulila, dapat kang mag-hain oras na ikaw ay may karapatan na.

Maaari ka ring mag-hain para sa mga benepisiyo sa aming website. Magpunta sa ***www.socialsecurity.gov/applyforbenefits.*** Maaari mo ring tantiyahin ang halaga ng benepisiyo mo sa ***www.socialsecurity.gov/planners***.

### Ano ang ka-kailanganin mo para mag-hain

Kapag mag-hain ka na para sa mga benepisiyo, ikaw ay hihilingan namin ng ilang may katiyakang mga katunayan. Ang mga katibayang hihilingin namin ay batay sa uri ng mga benepisiyong hihilingin mo. Kung maibi-bigay mo ng agaran sa amin ang katunayang ito, mas mapapabilis ang aming pagbabayad ng mga benepisiyo mo. Dapat mong ipagka-loob ang mga orihinal na katunayan o mga kopyang pinagtibay ng tanggapang nagkaloob nito sa iyo.—hindi namin maaaring tanggapin ang mga kopyang seroks.

Huwag ipagpaliban ang pagha-hain ng benepisiyo dahil sa kadahilanang hindi pa sapat ang mga katibayang ka-kailanganin mo. Matutulungan ka naming kunin ang mga ito.

Narito ang mga ilan sa mga katunayang maaaring ka-kailanganin mo kapag nagpa-tala ka sa Social Security;

- Ang tarheta mo ng Social Security (o talaan ng numero mo);
- Ang katibayan ng kapanganakan mo;
- Ang mga katunayan ng kapanganakan ng mga anak mo (kung sila ay nag-hain(apply) din;
- Katibayan ng pagiging mamamayan ng Estado Unidos o pang-batasang katayuan bilang dayuhan kung ikaw o ang anak mo ay hindi ipinanganak sa United States;
- Ang katibayan ng kapanganakan ng asawa mo at numero ng kanyang Social Security kung siya ay mag-hain(apply) para sa mga benepisiyo batay sa na rin sa iyong mga kinita;
- Katibayan ng kasal mo (humuhudyat ito na ikaw ay lalagda batay sa mga kinita ng asawa mo);
- Ang mga papeles ng pagka-katiwalag sa militar (discharge papers) kung ikaw ay dating nag-lingkod bilang sundalo; at
- Ang pangka-salukuyan mong W-2 form, o ang iyong balik buwis, kung ikaw ay nasa sarili mong pangangalakal.

Aming sasabihin sa iyo kung manganga-ilangan ka ng iba pang katunayan sa oras na ikaw ay mag-hain.

## Papaano ibinabayad ang mga benepisiyo

Karamihan na sa ngayon ang mga benepisiyo ng Social Security ay binabayaran sa pamamagitan ng pagtuloy-tuloy nito sa bangko. Ang tuloy tuloy na pagde-deposito ay madaling gawin, ligtas, at walang-panganib na paraan upang matanggap mo ang iyong mga benepisiyo. Paka-siguraduhing lang dalhin ang libreta ng bangko mo (checkbook) o ang pahayag ng iyong kuwenta (account statement) kapag nag-hain ka na. Ka-kailanganin namin ang kaalamang ito upang masigurado na ang iyong buwanang benepisiyo ay wastong naka-deposito sa kuwenta mo.

Kung ayaw mo na ang iyong benepisiyo ay magtuloy-tuloy sa bangko, hahanapan ka namin ng iba pang mga paraan upang mabayaran ang mga buwanang benepisiyo mo.

## Karagdagang kitang Pangseguridad (Programa ng Supplemental Security Income, SSI)

Kung tumatanggap ka ng mga benepisiyo ng Social Security ngunit may hangganan ang kinikita mo at ng iyong pag-aaring yaman (ari-arian mo), maaaring makatulong ang SSI. Ang SSI ay puhunang nagmula sa mga pangkalahatang kinita, hindi ito nagmula sa mga buwis ng Social Security.

Ang SSI ay nama-mahagi ng mga buwanang kabayaran sa mga taong may edad na 65 taong gulang o mas matanda pa rito o bulag o may kapansanan. Hindi namin ibinibilang ang ilan sa kinikita mo at ilan sa mga pag-aari mo kapag nagpapasiya kami kung ikaw ay may karapatan para sa SSI. Halimbawa, ang iyong bahay at ang sasakyan mo ay karaniwang hindi kabilang na ari-arian mo.

Tawagan kami para sa karagdagang kaalaman o upang mag-hain(apply) para sa SSI.

## Ang karapatang mag-apela

Kung hindi ka sumasang-ayon sa pagpapasiya na nagawa sa iyong pahayag (claim), maaari mo itong i-apela. Ang mga hakbang na dapat mong gawin ay ipinapaliwanag sa *Ang Paraan Ng Appeals (mga Apela)* (Publikasyon Blg. 05-10041-TL).

May karapatan ka sa kinatawan para tagapag-tanggol mo o iba pang karapat-dapat na taong iyong pipiliin. May karagdagang kaalaman sa *Ang Karapatan Mo Sa Kinatawan* (Publikasyon Blg. 05-10075-TL).

## Medicare

Ang Medicare ay batayang pang-seguridad ng palatuntunang pang-kalusugan ng ating bansa para sa mga tao na may edad na 65 taong gulang o mas matanda pa rito, at para sa karamihan pang taong may kapansanan.

Huwag ka dapat malito sa Medicare at Medicaid. Ang Medicaid ay palatuntunan ng panga-ngalaga sa kalusugan para sa mga taong mabababa ang kinikita at ang kanilang mga pag-aaring yaman ay may hangganan. Karaniwan ng nagpa-palakad nito ay mga mapag-kawang gawang sangay ng state o sa mga panlipunang paninilbihan. Ilan lang sa mga tao ang may karapatan alinman sa dalawa, habang ang iba naman ay parehong karapat-dapat para sa Medicare at Medicaid.

### Ang Medicare ay may apat na bahagi

- Kaseguraduhang pang-ospital (Hospital Insurance, Part A) na tumutulong sa pagba-bayad ng pangangalaga kapag naipasok na ang pasyente sa ospital at sa mangilan-ilang mga susunod na pagli-lingkod; at
- Kaseguraduhang pagga-gamutan (Medical Insurance, Part B) na tumutulong naman sa pagba-bayad ng mga paglilingkod ng mga mangga-gamot sa panglabas na panga-ngalaga ng pasyente sa ospital, at iba pang mga pagga-gamutang pagtulong.
- Kapaki-pakinabang na mga Panukala ng Medicare (Medicare Advantage plans, Part C), dating kilala sa pangalang na karaniwang nakukuha sa karamihan ng lugar. Ang mga tao na may Part A at Part B ay maaaring piliing tanggapin ang lahat ng kanilang kalusugang tulong ng pangangalaga sa pamamagitan ng isa sa mga samahang nagkakaloob sa ilalim ng Part C.
- Suklob ng May-resetang Gamot (Prescription drug coverage, Part D) na tumutulong sa pagba-bayad ng mga medisina na inireseta ng mangga-gamot para sa pagpa-pabuting pagga-gamutan.

## Sino ang karapat-dapat para sa kaseguraduhang pang-ospital (Part A)?

Karamihan ng mga tao ay naka-kakuha ng kaseguraduhan sa ospital kapag sila ay nagka-edad na ng 65. Kusa kang may karapatan dito kung ikaw ay karapat-dapat para sa mga benepisiyo ng Social Security o Retirado sa Daang-bakal (Railroad Retirement). O maaari din namang may karapatan ka batay na rin sa kinita ng iyong asawa (kabilang na dito ang dati mong asawa). Ang iba naman ay karapat-dapat dahil sa sila ay manggagawa ng pamahalaan na hindi nasasaklawan ng Social Security na kung saan ay nagbabayad sa buwis ng Medicare.

May karapatan ka na para sa kaseguraduhang pang-ospital kung may 24 na buwan ka ng tumatanggap ng mga benepisiyo sa Social Security para sa may kapansanan.

Kasama na rin dito ang mga taong may pirmihang sakit sa bato na nanga-ngailangan ng panatilihang paglilinis ng dugong dumadaan sa makina (maintenance dialysis) o kapalit na bato (kidney) o na may amyotrophic lateral sclerosis (Lou Gehrig's disease) ay karapat-dapat para sa kaseguraduhang pang-ospital kung sila ay nakapag-trabaho ng sapat na panahon o kung sila ay asawa o anak ng mangga-gawang may karapatan.

## Sino ang dapat makakuha ng kaseguraduhang pagga-gamutan (Part B)?

Lahat halos, kahit sino mang may karapatan sa kaseguraduhang pang-ospital ay maaaring lumagda para sa kaseguraduhang pagga-gamutan. Ang Part B ay hindi sapilitang palatuntunan. Ito ay hindi libre. Nitong 2008, ang buwanang kabayaran ay $96.40. Karamihan ng mga tao ay lumalagda para sa bahaging ito ng Medicare.

## Sino ang dapat makakuha ng Kapaki-pakinabang na mga panukala ng Medicare (Part C)?

Kahit sinong may kaseguraduhang pang-ospital (Part A) at kaseguraduhang pagga-gamutan (Part B) ay maaring sumali sa Kapaki-pakinabang na mga Panukala ng Medicare (Medicare

Advantage Plan). Sakop ng Kapaki-pakinabang na Panukala ng Medicare ang:

- Mga panukala ng pinama-mahalaang panga-ngalaga ng Medicare (Medicare managed care plans;
- Mga panukalang samahan ng Medicare ng mas-ginustong pagka-kaloob (Medicare preferred provider organization (PPO);
- Mga panukalang pang-sariling bayad-para-sa pagli-lingkod ng Medicare (Medicare private fee-for-service plans); at
- Mga panukalang pinag-dalubhasaan (Medicare specialty plans)

Ang Kapaki-pakinabang na mga Panukala ng Medicare ay kinuha ang lugar ng palakad (policy) ng Medigap, kaya baka kailangan kang magbayad ng pang-buwanang kabayaran dahil sa labis na mga benepisiyong inihahandog nito.

## Sino ang dapat maka-kuha ng may resetang gamot na sinasakloban ng Medicare (Part D)?

Kahit sinong may kaseguraduhang pang-ospital (Part A) o kaseguraduhang pagga-gamutan (Part B) o Kapaki-pakinabang na panukala ng Medicare (Part C) ay may karapatan para sa may resetang gamot na sinasakloban ng Medicare (Part D). Ang kaseguraduhan ng may reseta ay hindi sapilitan, at magbabayad ka ng karagdagang buwanang kabayaran para sa saklob nito.

Para sa marami pang karagdagang kaalaman, makipag-bigay alam sa amin at magtanong ng para sa *Medicare* (Publikasyon Blg. 05-10043-TL).

## Tulong sa mga gastos sa Medicare para sa mga tao na mababa ang kinikita

Kung ikaw kumikita ng mababa at ka-kaunti ang mga pag-aaring yaman mo, ang state ay maaaring bayaran ang iyong mga kabayaran sa Medicare at, sa ilang mga kaso, ang ibang mga “labas-sa-bulsang” (“out-of-pocket”) pagga-gamutang gastos, tulad ng mga kabawasan (deductible) at may kaseguraduhang (coinsurance).

Ang state mo lang ang maka-kapagpasiya kung karapat-dapat ka para sa tulong sa ilalim ng palatuntunang ito. Kung sa palagay mong ikaw ay may karapatan, makipag-bigay alam ka sa state o sangay ng lokal na pagga-gamutang pag-tulong (Medicaid), mga pang-lipunang tulong (social services) o tanggapan sa pagka-kawanggawa (welfare office).

Maka-kakuha ka ng marami pang karagdagang kaalaman tungkol sa palatuntunang ito mula sa publikasyong, *If you need help paying Medicare costs, there are programs that can help you save money,* Publikasyon CMS-10126). Ang pahayag na ito ay makukuha lang sa English. Upang makakuha ng kopya galing sa Centers for Medicare & Medicaid Services (CMS) website, ***www.medicare.gov***.

## "Dagdag na Tulong" ("Extra help") sa pang-resetang mga gastusin ng Medicare

Kung may hangganan ang kinikita mo at ang iyong pag-aaring yaman, ikaw ay baka karapat-dapat para sa dagdag na tulong para mabayaran ang mga may reseta mong gamot sa ilalim ng Medicare Part D. Ang ginagampanan ng Social Security ay tulungan kang maintindihan kung papaano ka magka-karoon ng karapatan at para mailakad ang aplikasyon mo para sa dagdag na tulong. Upang makita kung ikaw ay may karapatan o para mag-hain(apply), tawagan ang aming libreng numero or bisitahin ang aming website.

# Mga ilang katotohanan tungkol sa Social Security

## Mga buwis sa Social Security nitong 2008

- Ikaw at ang pinagli-lingkuran mo ay magka-parehong magba-bayad ng 6.2 na porsiyento
- Kung ikaw ay nasa sarili mong panga-ngalakal (self-employed), magba-bayad ka ng 12.4 na porsiyento
- Wala kang babayarang buwis sa Social Security sa ano pa mang mga kinita na mahigit sa $102,000

## Ang mga buwis sa Medicare nitong 2008

- Ikaw at ang pinaglilingkuran mo ay magka-parehong magba-bayad ng 1.45 na porsiyento
- Kung ikaw ay nasa sarili mong panga-ngalakal (self-employed), magba-bayad ka ng 2.9 na porsiyento
- Ang mga buwis sa Medicare ay nababayaran ng lahat na mga kinita mo; ito ay walang hangganan

## Mga credit sa trabaho nitong 2008

- Para sa bawat kinikita mong $1,050 makata-tanggap ka ng isang Social Security "credit" hanggang apat sa bawat taon
- Karamihan ng tao ay nanga-ngailangan ng mga 40 credit upang maging karapat-dapat para sa mga benepisiyo ng pagre-retiro
- Nanga-ngailangan naman ng mas kaunting credit ang mga mas nakababata upang maging may karapatan sa mga benepisiyo para sa may kapansanan at sa mga nabalo o na-ulila

## Pang-karaniwang buwanang benepisiyo sa Social Security nitong 2008

- Retiradong manggagawa: $1,079
- Retiradong mag-asawa: $1,761
- May kapansanang manggagawa: $1,004
- May kapansanang manggagawang may asawa at anak: $1,690
- Nabalo: $1,041
- Nakababatang nabalo na may dalawang anak: $2,243

## Ang pamantayang kabayaran ng SSI nitong 2008

(hindi kabilang ang kapupunan ng state (state supplement) kung mayroon man)

- $637 para sa nag-iisang tao
- $956 para sa mag-asawa

www.socialsecurity.gov

**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10024-TL
Understanding The Benefits (Tagalog)
January 2008